

Pagsusuri sa mga graffiti ng mga mag-aaral sa Nueva Vizcaya State University-Bambang Campus

Hernandez, Laila G. ✉

Nueva Vizcaya State University, Philippines (lh920225@gmail.com)

Received: 1 August 2022

Available Online: 20 October 2022

Revised: 1 October 2022

DOI: 10.5861/ijrse.2022.b052

Accepted: 17 October 2022

ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS



Abstract

Nilayon ng pag-aaral na ito na suriin ang mga umiiral na graffiti ng mga mag-aaral ng Nueva Vizcaya State University-Bambang Campus tungo sa pag-unawa sa mga mag-aaral. Kwalitatibong disenyo at diskriptibo ang ginamit dito kung saan inilarawan ang mga nangingibabaw na tema, damdamin at uri at ng wika sa mga graffiti na likha ng mga mag-aaral. Ang pag-aaral ay isinagawa sa Panuruang-taon 2015-2016 partikular sa buwan ng Marso. Ang mga natuklasan sa pag-aaral ay: (1) Ang mga graffiti sa unibersidad ay mahahati sa tatlong kategorya ayon sa lugar basehan kung saan ang may pinakamaraming graffiti ay sa pader, upuan at palikuran; (2) Tatlong kategorya ayon sa kahulugan ang lumutang mula sa isinagawang pagsusuri sa mga graffiti na likha ng mga mag-aaral. Una, lumabas ang mga tema o paksang nauugnay sa buhay-tinedyer. Ikalawa, nailantad ang mga katangian at damdaming kinikimkim ng mga mag-aaral. Ikatlo, lumutang ang uri ng wika ng mga kabataan. Napatunayan sa pag-aaral na ang mga graffiting lumalaganap ay makikita sa mga upuan, pader at palikuran. Ang mga natuklasang graffiti sa buong campus ay nagpapakita ng iba't ibang kahulugan na nahahati sa tatlong kategorya tulad ng lumabas ang mga tema o paksa, katangian/damdamin at mababang uri at antas ng paggamit ng wika. Imimungkahi ang pagtuturo sa kanila ng tamang pagpapahayag ng paghanga o pag-ibig, pangarap sa buhay, maging ng kanilang mga matitinding emosyon tulad ng galit.

Keywords: Bandalismo, graffiti, kasaysayan, pagsusuri, wika

Pagsusuri sa mga graffiti ng mga mag-aaral sa Nueva Vizcaya State University-Bambang Campus

1. Introduksyon

Isang napakahalagang salik sa pagkatao ng bawat nilalang ang wika. Ang mga unang salitang binibigkas mula sa kamusmusan ay isa sa mga pinakaaabangang pangyayari. Wika rin ang ginagamit upang bigyang anyo ang mga saloobin. Napakahalagang salik sa pagkatao ng bawat mamamayan ang wika. At mahirap isipin kung paano mabubuhay ng wala ito (Maza, 2009). Ang wika ay instrumento ng komunikasyon. Sa pamamagitan nito ay naipahahayag ng isang tao ang kanyang mga ideya at nilolooob. Ang wika ay mabisang kasangkapan ng tao sa pakikipag-unawaan sa kanyang kapwa. Ito ay biyayang galing sa Diyos upang ipaabot ng tao ang kanyang iniisip, nadarama, nakikita at nararanasan sa kanyang kapaligirang ginagalawan. Samakatuwid, ito ay isang daan sa pakikipagsapalaran at pagsulong ng bansa sa iba't ibang aspeto ng buhay.

Hindi maitatangi sa mga tao rito sa mundo ang kahalagahan ng wika. Ito ang naging daan upang maibahagi sa isa't isa ang kani-kanilang mga ninanais at nilolooob. Tunay na mabilis ang pag-unlad ng daigdig. Patuloy na nagkakaroon ng mga pagbabago at pagsulong sa iba't ibang larangan ng pamumuhay ng tao at hindi magpapatalo ang edukasyon sa sinasabing pag-usad. Kasabay ng pagdaan ng panahon ang pagbabago. Pagbabago sa takbo ng pamumuhay sa teknolohiya at maging sa edukasyon. Mapapansin nating nababawasan, nadaragdagan o napapalitan na ang mga salita na ginagamit sa pang-araw-araw na pamumuhay ng tao. Hindi mapapasubalian na sa pagbabagong ito ay kailangang makisabay rin tayo.

Ayon kay Tanawan, et al. (2004), ang wika ay isang kodigo ng pakikipagtalastasan na karaniwang ginagamit ng ilang grupo ng tao na kumakatawan sa isang lahi o bansa tungo sa pag-ukit ng isang malaya at maunlad na bansa o sa pagtatag nito. Sa wika, nagkakaisa ang kaisipan, damdamin at adhikain ng bawat mamamayan. Sa pamamagitan ng wika, naitatala at naihahayag ng tao ang mga karanasan at kasaysayan ng sinaunang panahon. Naipapahayag ng tao ang kanyang malaon ng pag-ibig o galit at pagkasuklam na naging daan ng paghihirap ng kanyang loob. Kung wala ang wika, paano kaya magkakaintindihan ang mamamayan, paano kaya mapabibilis ang pagsulong ng kaunlaran at paano kaya mapapalapit ang tao sa isa't isa? Sa bawat isang tanong at sa marami pang kasunod na katanungan, hindi sapat ang senyas, ang pagguhit, ang kulay, ang ingay o anumang paraang maaaring likhain ng tao upang matugunan ang lahat na mga katanungan. Sa lahat ng ito, kailangan ng tao ang wika.

Kung hindi maipahahayag ng tao ang kanyang mga ideya at nilolooob, anong uri kaya ng lipunan mayroon tayo? Walang makabuluhang gawaing pantao ang maaaring maganap kung hindi niya maipababatid ang kanyang iniisip gayon din kung hindi niya mauunawaan ang nais ipahayag ng iba. Isang uri ng pagpapakita ng mga tao sa kanilang mga kaisipan sa ngayon ay ang tinatawag na graffiti. Graffiti ang tawag sa mga imahe o sulat na makikita sa mga bus stops, tren, gusali, palaruan, paaralan at iba pang pampublikong lugar.

Ang graffiti ay hango sa salitang *graphein*. Ang *graphein* sa mga Griyego ay nangangahulugang sumulat. Pinaniniwalaang nagsimula ang graffiti matagal nang panahon ang nakalilipas sa bansang Gresya at Imperyong Romano. Ang graffiti ay maaaring maging simpleng marka lamang ng matulis na bagay (*scratch mark*) o *wall paintings*. Ito rin ay pinaniniwalaang nagmula sa Italianong salitang *graffiato* na nangangahulugang *scratched*. Kung ganoon, isang uri ng *public art* ang graffiti. Hindi natin maitatangi na bago sa atin ang salitang graffiti, ito ay ang mga makikita sa mga *drawings* o isang malaking *piece ng art* na hindi naman talaga dapat nandoon lalo na sa mga pader.

Naipapakita sa graffiti ang pagiging malikhain ng isang tao. Ang graffiti din ay isang epektibong paraan para sa mga political na layunin at panlipunang aspeto. Ang graffiti ay ginagamit bilang komunikasyon at

pagpapahayag ng ekspresyon at saloobin sa mga isyu. Sinasalamang din ng graffiti ang ating kultura at lipunan. Dagdag pa rito, ang graffiti ay isang paraan ng pagrerebelde sa may kapangyarihan o sa otoridad. Hindi makabuluhang paninirang kagandahan sa pamamagitan ng pambababoy, pagsusulat at pagguhit ng kung anu-ano at literal na pagwasak sa mga bagay na pag-aari ng ibang tao. Ang mga graffiti writers ay may tag name o yung mga pangalan na nilalagay nila sa mga kalye, dahil illegal ang graffiti, itatago ang identity kung kaya't gagawa sila ng screen name.

Habang unti-unting nagbabago ang pamumuhay at umuunlad ang teknolohiya, unti-unti ring dumarami ang mga suliranin ng ating kinakaharap, isa na rito ang graffiti. Mahalaga ng pag-aralan ang tungkol dito dahil kahit saan ka man magpunta sa atin ngayon ay makakakita at makakakita ka ng mga graffiti sa mga kalsada, gusali at lalong-lalo na sa mga paaralan. Kung hindi mabibigyan nang pansin at hindi mabigyan ng agarang solusyon ay maaaring dumating ang panahon na lumala ang problemang ito at mahirapan na tayong resolbahin pa ito.

Graffiti ang tawag sa mga inskripsyon o larawang nakaukit sa mga pader, poste, puno, mesa, silya hanggang sa pintuan ng mga palikuran. Kadalasan, ito'y mga salita o pangungusap na sinulat sa pamamagitan ng tinta, pintura, tisa o uling (Antonio, L. & Tiamzon-Rubin, L. 2003). Ito ay kinikilala ng ilan bilang isang *urban street art* na may positibong ambag sa mga pangunahing layunin ng sining na pagpapahayag o ekspresyon, makapagbigay-alin at malinang ang pag-iisip at kakayahan ng indibidwal pati na rin ng lipunang ginagalawan nito. Para naman sa nakararami, ito ay isang uri ng bandalismo o paninira sa kaayusan lalo na sa mga pampublikong lugar at ilegal ang pagsasagawa nito hindi tulad ng mga mural.

Mga kabataan lalo na ang mga kasapi sa mga gang ang kadalasang gumagawa ng mga makukulay at kapansin-pansing mga graffiti sa mga pader ng mga gusali at kung saan-saan pa. Ang pagsusulat sa mga mesa, silya, pader at palikuran ay ipinagbabawal sa halos lahat ng pampublikong paaralan sa bansa kabilang na ang Nueva Vizcaya State University subalit marami pa ring mag-aaral ang lumalabag dito. Hindi naman masyadong kapansin-pansin dahil hindi pintura o hindi gaanong malalaki ang pagkakasulat sa mga ito kumpara sa mga talagang tinatawag na graffiti ngunit nakasisira pa rin ito sa kagandahan at kalinisan ng mga kagamitan at paligid ng paaralan. Paulit-ulit na pinaaalalahanan ang mga mag-aaral ngunit hanggang ngayong isa pa rin sa mga suliranin ng paaralan ang hindi magandang tanawing mga graffiti.

Malaki ang tungkulin ng graffiti sa atin at sa lipunan. Sa pamamagitan ng graffiti, naipapahayag ang saloobin o damdamin ng mga tao o *artist* na mahilig sa ganitong klaseng sining o *art*. Malinaw ang konseptong *Freedom of Expression* sa usapin ng *Street Art*. Bill of Rights Section 4 ng 1987 Constitution of the Philippines. Ang sining ay ang nararamdaman o kaisipan ng isang tao sa kaniyang paraan ng pagpapahayag sa larangang ito. Noong Enero 2010, isinulat ni Issa Villareal, contributor sa Global Voices, ang isang ulat-serye hinggil sa paglaganap ng sining at graffiti sa maraming lungsod at bayan na may pamagat na "Graffiti and Urban Art Voices from Latin America Streets" (Graffiti at Sining sa mga Lungsod at Bayan: Boses ng mga Lansangan sa Latinong Amerika). Magmula noon, parami ng parami ang mga blogger na nagsusulat tungkol sa naturang alternatibong sining na patuloy na tinatangkilik sa buong rehiyon.

Ang wika ay isang instrumento sa pagpapaabot ng kaisipan at damdamin sa pamamagitan ng pagsasalita o pagsulat. Ayon naman kina Tumangan et. al. (1997) ang pagsulat ay isang paraan ng pagpapahayag ng pag-iisip at damdamin ng isang tao sa pamamagitan ng mga sagisag o simbolo ng mga tunog ng salita. Hangad niyang ang mga damdaming nag-uumpaw sa kanya at ang mga kaisipan at karanasan ay maibahagi sa iba. Kung gayon, dahil ang mga graffiti ay ginagamitan ng wika at isinasagawa sa pamamaraang pasulat, ito ay kinapapalooban ng mahahalagang impormasyon tungkol sa mga mag-aaral o mga kabataang gumagawa nito. Kung mauunawan nang lubos ang mga likha nila, mas mauunawaan din at mabibigyan nang tamang payo ang mga mag-aaral hinggil sa paggawa ng mga graffiti.

Mahalaga samakatwid, na magkaroon ng isang pag-aaral tungkol sa pagsusuri sa mga graffiti sa buong campus para sa karagdagang kaalaman tungkol dito. Layunin ng pananaliksik na ito na suriin ang mga umiiral na graffiti ng mga mag-aaral ng Nueva Vizcaya State University-Bambang Campus. Hinahangad ng pag-aaral na

sagutin ang mga katanungang:

- Saan-saan lumalaganap ang mga graffiti ng mga mag-aaral ng Nueva Vizcaya State University-Bambang Campus?
- Anu-ano ang mga kahulugan o mensahe na gustong iparating ng mga graffiting natuklasan sa buong campus?

2. Metodolohiya

Ginamit sa pag-aaral na ito ang kwalitatibong disenyo at deskriptibong uri. Ang kwalitatibong pananaliksik ay isang sistema ng pagtuklas na may layuning makabuo ng isang holistiko at malawakang paglalahad upang maiparating ang pag-unawa ng mananaliksik sa isang sosyal at kultural na phenomenon. Nagaganap din ang kwalitatibong pananaliksik sa isang natural na sitwasyon at gumagamit ng obserbasyon, pakikipanayam at pag-aaral sa mga dokumento (Creswell, 1994). Ginamit sa pag-aaral na ito ang tatlong mahahalagang konseptong kasangkot sa kwalitatibong pag-aaral. Nagsagawa ang mananaliksik ng pagmamasid, pakikipanayam at pag-aalisa sa mga dokumento na nakikitang mahalagang hakbang upang masiyasat at mabusisi ang mga umiiral na graffiti ng mag-aaral sa buong Campus. Tinutulungan din tayo ng kwalitatibong pananaliksik na makita ang mundo sa pamamagitan ng interpretasyon (Denzin & Lincoln, 2005).

Sa kabilang dako, ginamit ang deskriptibong uri kung saan inilarawan ang mga nangingibabaw na tema, damdamin at uri at ng wika sa mga graffiti mula sa malalim na pang-unawa at interpretasyon sa mga graffiti. Sang-ayon ito sa nabanggit ni Maxwell (2005) na ang malalim na pang-unawa at interpretasyon ng mga phenomenon ang pinakalayunin ng pagsusuri. Ang pag-aaral ay isinagawa sa Nueva Vizcaya State University-Bambang Campus sa Panuruang-taon 2015-2016 partikular sa buwan ng Marso. Kasabay ng pagmamasid ng mga mananaliksik, kamera ang tanging kasangkapan upang makalap ang mga kinakailangang datos sa pag-aaral. Ang teknolohiyang ito ay ginamit sa pagkuha ng mga larawan ng mga graffiti na makikita sa Nueva Vizcaya State University-Bambang Campus.

Naglibot ang mga mananaliksik sa buong kampus at kinuhanan ng litrato ang lahat ng nakitang graffiti partikular sa mga upuan, sa mga pader at sa mga palikuran. Pagkatapos nito, pumili ng tigdalawampung (20) graffiti mula sa tatlong lugar na pinagkuhanan ng mga larawan ang mananaliksik tulad ng pader, upuan at palikuran. Animnapung (60) graffiti ang kabuuang bilang na sinuri sa pananaliksik na ito. Inilipat ang mga larawan ng mga graffiti sa isang kompyuter upang mas malinaw na makita sa monitor at mas mabilis na mapag-aralan ang mga ito. Hindi na nagsagawa ng transkripsyon sapagkat nasa larawan na mismo ang susuriing mga teksto.



Sa pagsusuri ay ginamit dito ang Phenomenology theory (Saldana, 2013), kung saan dito ay pinag-aralan ang mga karanasan o pangyayari ng bawat tao. Dito isinagawa sa proseso ng pagsusuri sa pagtalakay nina Howitt at Cramer (2008) ang 'coding' at 'categorization' at thematic process. Itinala ng mga mananaliksik ang mga paglalarawan sa bawat graffiti saka pinagsama-sama ang mga datos na magkakaugnay. Masusing sinuri ang nilalaman ng mga graffiti at tiningnan ang mga lumutang na tema at patern nang paulit-ulit (Patton, 2002). Sa muling pagsusuri sa pinagsama-samang datos ay nabigyan ang mga ito ng pangkalahatang kategorya. Ang mga kategoryang ito ang naging basehan sa pagsusuri at pagtalakay sa mga datos upang lalong maunawaan ang mga graffiti gayundin ang mga mag-aaral na nagsusulat sa mga ito.

3. Mga resulta at diskusyon




Suliranin 1: Saan-saan lumalaganap ang mga graffiti ng mga mag-aaral ng Nueva Vizcaya State University-Bambang Campus?

Ang mga graffiti sa unibersidad ay mahahati sa tatlong kategorya ayon sa lugar basehan kung saan ang may pinakamaraming graffiti.







Ang una ay sa pader:



Ang pangalawa ay sa mga upuan:



At higit sa lahat ay sa palikuran:



Suliranin 2: Anu-ano ang mga kahulugan o mensahe na gustong iparating ng mga graffiting natuklasan sa buong campus?

Ang mga larawang ay naikategorya batay sa mga isinasaad ng kanilang graffiti at ang mga ito ay ang mga emosyong nararamdaman ng mga estudyante, mga pangalan ng minamahal o pangalan ng grupo, numero, mga pag-uusap, mga ginuhit na larawan at mga malalaswang wika. Tatlong kategorya ayon sa kahulugan ang lumutang mula sa isinagawang pagsusuri sa mga graffiti na likha ng mga mag-aaral ng Nueva Vizcaya State University-Bambang Campus. Una, lumabas sa mga ito ang mga tema o paksang nauugnay sa buhay-tinedyer. Ikalawa, nailantad ang mga katangian at damdaming kinikimkim ng mga mag-aaral. Ikatlo, lumutang ang uri ng wika ng mga kabataan.

Tema o Paksa - Mula sa pagsusuri, lumabas ang mga nangingibabaw na tema o paksa sa mga graffiti. Pinakamalaking porsyento sa mga ito ang may temang romantiko. Dalawang pangalang napapagitnaan ng

hugis-puso tulad ng **Menard Arumin May-ann Dalagan** ang halimbawa ng mga graffiti na nagpapahayag ng tema ukol sa pag-ibig. Sa mga ganitong graffiti, hindi matukoy kung sino ang awtor. Posibleng isa sa kanilang dalawa o isa sa kanilang mga kaibigan na nakapansin o nakaaalam sa damdamin ng isa sa kanila o nilang dalawa para sa isa't isa. Maaari ring ito'y isinulat ng isang lalaking mag-aaral na may itinatagong paghanga sa babaeng binanggit sa graffiti o isang babaeng mag-aaral na may paghanga naman sa lalaking pinangalanan sa graffiti at ginagamit lamang ang pangalan ng iba sa pagpapahayag ng damdamin. Ang ibang kaparehong graffiti ay mas personal ang himig na ipinahihwatig ng paggamit ng unang pangalan tulad ng **Chariz Mark Anthony**. Ang iba nama'y mapanukso na ipinahihwatig ng paggamit ng apelyido ng isa sa dalawang pinagtatambal o maaari ring apelyido nilang dalawa ang isusulat tulad ng **Perry Gumabol** at **Balas Uyod**.

Sa iba pang graffiti na may temang romantiko, inilabas din ng mga mag-aaral ang kanilang paghanga o pag-ibig kung saan tahasan nilang binanggit ang pangalan ng sinisinta ngunit hindi naman nila isinamang isinulat ang kanilang pangalan tulad ng **I Love You Piolo**. Mahihinuha mula rito na ito'y isinulat mismo ng mag-aaral na umiibig. May mga pangungusap ding mapang-uyam tulad ng **Sana makakita ka ng asong mahal mo!** Sunod sa temang romantiko ang mga pangalan at iba pang personal na impormasyon. Ito ang tinatawag na tagging at para sa mga kabataang sangkot sa pagsusulat ng graffiti, kung mas maraming tag, mas sikat. Pangalan ng iisang mag-aaral tulad ng **Damian, General Balas** o **James The Great**; mga pangalan ng magkakabarkada tulad ng **Lito at Rostom**; pangalan ng isang pangkat tulad ng **Torogi Group** o **I-Cattleya** – ang mga graffitiing ito ay nagpapahiwatig ng pag-iiwan ng marka sa mundo ng awtor.

Nangibabaw ring tema sa mga graffiti ang mga pribadong bagay na mahirap isambulat o ilathala o hindi masabi dahil hindi etikal tulad ng pagmumura at kaisipang sekswal. Ang **Mukat!** ay nangangahulugang muta na ginagamit sa pang-iinsulto ng isang tao at maaaring katumbas ng salitang tanga. Ang iba pang halimbawa ay **Fuck the Police** at **Fuck you Filipinoz** at iba pang mas bastos o bulgar na mga salita o pahayag kaya't minabuti nang hindi banggitin. Mababanaag din sa mga graffiti ang mga temang hango sa mga palabas na usung-uso ngayon tulad ng **larawang may tatak na I'm a bebe girl** o **Walang forever**. Pinatutunayan nito ang palaging pagsunod at pagtangkilik ng mga kabataan sa kung ano ang uso o patok.

Damdamin - Sa ilalim ng kategoryang ito, kabilang ang paghanga o pag-ibig, pagpapasikat at galit. Halos kaugnay rin ng mga ito ang tema o paksa ng mga graffiti. Isa sa mga damdaming nararamdaman ngunit hindi maipahayag dahil nahihiya o sa ano pa mang kadahilanan ang paghanga o pag-ibig. Dahil hindi nila masabi ang kanilang damdamin at dahil ayaw rin nilang malaman ng iba ito, sa pamamagitan na lamang ng graffiti nila nailalabas. Ngunit hindi lahat ng I Love you o Mahal kita sa pader ay tapat at totoo sapagkat marami sa mga ito, lalo na ang mga ginagamitan ng apelyido sa halip na unang pangalan, ang isinulat bilang katuwaan lamang ng mga mag-aaral. Ninanais ng mga kabataan na makilala at maging popular sa mga kamag-aral. Kung hindi naman, nais nilang iparating na natatangi sila at nagtataglay ng kakaibang aydentityad.

Masasalamain sa mga graffiti ang pagiging maangas o mayabang at pagpapasikat sa mga mag-aaral. Nagdudulot ang pagsusulat ng graffiti ng sariling kapangyarihan at katuparan para sa mga ito. May mga nagsusulat ng graffiti upang ilabas ang galit o poot sa isang tao o pangkat nang hindi nahuhuli o naparurusahan. Hindi nangangailangan ng tiyak at kongkretong tagatanggap basta't mailabas lang ng mag-aaral ang matinding emosyong nararamdaman. Ang mga paratang, pagmumura at pangungutya sa taong kinapopootan ay inilalagay na lamang sa mga silya at mga pader. Kahit galit, may himig ng pagtitimpi pa rin ang karamihan sa mga ganitong graffiti dahil walang nakasulat na pangalan ng taong kinapopootan. Halimbawa, **Mang-aagaw Ka! at Magnanakaw!**

Kakayahan sa Paggamit ng Wika - Inilantad ng mga graffiti ang ilang kahinaan ng mga mag-aaral sa paggamit ng wika kung saan nangunguna rito ang kahinaan sa pagbaybay ng mga salita. Isinulat ang **waw** sa halip na **wow**, nawawala ang isang r sa **Igorot Warrior**, **tibu** sa halip na **tribo**. Maging mga pangalan ng kaklase ay mali rin ang baybay tulad ng **Mark Antony (Mark Anthony)**, **Rostom (Rustom)**. Ang mga maling baybay ng mga pangalan ay nagpapahiwatig na ginagamit ng mga mag-aaral ang pangalan ng kanilang kapwa mag-aaral sa

kanilang mga graffiti. Maaaring bilang paghihiganti o sadyang katuwaan at pang-aasar lamang. na hindi nangangailangan ng tiyak at kongkreto tagatanggap.

Uri ng Wika – Lumitaw din sa pag-aaral sa mga graffiti ang uri ng wikang laganap sa mga mag-aaral. Mapapansin sa mga graffiti ang pagdurugtong ng letrang h sa mga salita lalo na sa mga pangalan gaya ng *Yhanie* para sa *Yanie* at pagpapalit ng z sa s gaya ng *Filipinos* na naging *Filipinoz*. Sinadya ito at kaiba sa talagang kamalian sa pagbaybay ng mga salita. Isang paraan marahil ito ng pagpapadulas o pagbibigay-arte sa pagbigkas ng mga salita. Kapansin-pansin din ang opensiba, bastos at bulgar na wika ng mga mag-aaral sa kanilang mga graffiti. Ang ilan sa mga ito ay mula sa mga palabas na kanilang napapanood na kanilang ginagaya. Nagkaroon sila ng lakas na isulat ang mga ito sa mga silya o sa mga pader dahil walang nakakakita sa kanila at walang makakaalam na sila ang nagsulat ng gayong mga salita kaya't hindi sila mapaparusahan. Apat na wika ang lumutang sa mga sinuring graffiti – Ingles, Filipino, Ilocano, at Kankanaey. Ang mga graffiti ay kadalasang sinusulat sa paraang kolokyal, minsan magkakahalo ang mga wikang nabanggit.

4. Kongklusyon

Ano pa man ang dahilan - nagkakahiyaan, pampaiwas-gulo, o basta trip lang, unti-unting napasok at naging laganap na ang graffiti bilang isang uri ng pagpapahayag lalo na sa mga kabataan. Napatunayan sa pag-aaral na ang mga graffiti lumalaganap ay makikita sa mga upuan, pader at palikuran. Ang mga natuklasang graffiti sa buong campus ay nagpapakita ng iba't ibang kahulugan na nahahati sa tatlong kategorya tulad ng lumabas ang mga tema o paksa, katangian/damdamin at mababang uri at antas ng paggamit ng wika.

4.1 Rekomendasyon

Matapos masuri ng mananaliksik ang kinalabasan ng pag-aaral, nabuo ang mga sumusunod na rekomendasyon tulad ng makatutulong upang maiwasan nila ang pagsulat ng mga graffiti ang mas maraming gawain sa pagpapahayag ng kaisipan at damdamin. Iminumungkahi rin ang pagtuturo sa kanila ng tamang pagpapahayag ng paghanga o pag-ibig, pangarap sa buhay, maging ng kanilang mga matitinding emosyon tulad ng galit. Kinakailangan din ang patuloy na pagpapayo sa kanilang huwag gumamit ng mga salitang bastos at bulgar, na ang kanilang mga naiisip at nadarama ay maaari nilang ipahayag sa mas magagandang pakinggang mga salita. Magkaroon ng freedom wall sa Campus na maaaring maging isang proyekto ng Student's Affair and Services. Maipakita ang implikasyon ng pag-aaral sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral lalo na sa pag-aaral ng wika. Mahalagang maipaalala pa rin sa mga mag-aaral na ang mga graffiti na kanilang sinusulat ay hindi kaaya-ayang tanawin at nakasisira sa kagandahan ng mga bagay-bagay.

5. Talasangunian

- _____. (2009). *Bandalismo*. Nakuha noong Marso 4, 2016, mula sa Google Website na https://prezi.com/9cm_8qtds3bw/bandalismo/
- _____. (2009). *Ten Ways to Tell the Difference Between Street Art and Graffiti*. Nakuha noong Marso 2, 2016, mula sa Google Website na <http://www.westword.com/arts/ten-ways-to-tell-the-difference-between-street-art-and-graffiti-6961170>
- _____. (2013). Isang Pananaliksik Kaugnay sa Implikasyon. Nakuha noong Marso 2, 2016, mula sa Google Website na <http://documents.tips/documents/isang-pananaliksik-kaugnay-sa-implikasyon.html>
- Antonio, L. & Tiamzon-Rubin, L. (2003). *Sikolohiya ng wikang filipino*. C& Publishing, Inc. Quezon City.
- Beck, Julie (2014). *Behind the Writing on the Stalls*. Available at The Atlantic. <http://www.theatlantic.com>. Accessed on April 25, 2016
- Dela Paz, (2009). *Artistikato*. Volume 2. Page 6 Â Velazquez H. (2012) Bacolod Against Vandalism-Ordinance. Nakuha noong MARso 113, 2013, mula sa Manila Bulletin Website: <http://www.sunstar.com.ph/bacolod/local-news/2011/04/15/council-passes-anti-vandalism-ordinance-150547>

- Dideles, majd. (2010). *Wika at Graffiti*. Nakuha noong Pebrero 5, 2016, mula sa Google Website na <https://www.facebook.com/notes/majds-dideles/wika-at-graffiti-isang-akademikong-pag-aaral/10151506275994965/>
- Howitt, D. & Cramer, D. (2008). *Introduction to Research Methods in Psychology*. Pearson Education Limited. England
- Melencio, Mika. (2011). *Kahulugan at Katangian ng Wika*. Nakuha noong Marso 2, 2016, mula sa Google Website na. <http://www.scribd.com/doc/66344702/Kahulugan-at-Katangian-Ng-Wika#scribd>
- Placido, Dharel (2014). *Why'd he do it? Meet the man behind the 'Why' graffiti*. Available at ABS-CBNnews.com: <http://rp3.abs-cbnnews.com/lifestyle/10/20/14/whyd-he-do-it-meet-man-behind-why-graffiti>. Accessed on April 29, 2016
- Placido, Dharel (2015). *Man behind 'Why' graffiti is back with 'Forget Me'*. Available at ABS-CBNnews.com: <http://rp3.abs-cbnnews.com/lifestyle/07/15/15/man-behind->
- Reyes, Lualhati et. al. (2009. m) *Mga Salitang Pinoy*. Nakuha noong Enero 13, 2013, mula sa Pinoy Ako Education Website: <http://www.PinoyAKO.acu.k/journal/vol8/beej-8-1.aspx>
- Rodell (2010). *Philippine Arts History*. Cavite. Â Raquel Burking at marc Frost (2010), *Immerging Arts in Different Form* <http://tartsinfuture/asean->
- Saldana, J. (2013). *The coding manual for qualitative researchers*. London: Sage
- Suarez H. (2010). *Arts on Places*. Quezon City. University of the Philippines Sociology
- Tumangan, A. Sr. et. al. (1997) *Sining ng pakikipagtalastasan*. Grandwater Publications and Research Corporation. Makati City. p.106
- Velazquez H. (2012). *Bacolod Against Vandalism-Ordinance*. Nakuha noong MARso 113, 2013, mula sa Manila Bulletin Website:(<http://www.sunstar.com.ph/bacolod/local-news/2011/04/15/council-passes-anti-vandalism-ordinance-150547>).

